LUNGSOD NG LONG BEACH
IMPARSYAL NA ANALISIS NG MEASURE E
AMYENDA NG CHARTER PARA MAGDAGDAG NG DIRECTOR NG POLICE OVERSIGHT AT ISANG POLICE OVERSIGHT COMMISSION, NA PAPALIT SA CITIZEN'S POLICE COMPLAINT COMMISSION NG LUNGSOD

Nuong Agosto 9, 2022, inilagay sa balota ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang Measure E sa balota. Aamyendahan ng measure na ito ang Charter ng Lungsod ng Long Beach para magdagfag ng Ng Director Ng Police Oversight at isang Police Oversight Commission, na papalit sa Citizen's Police Complaint Commission Ng Lungsod.

Ang City Charter Article XIA ay binuo ng Citizen Police Complaint Commission ("CPCC") na may labing isang Komisyoner, na inatasan ng Mayor at kinompirma ng Konseho ng Lungsod, na may kasamang kapangyarihan at katungkulan para mangasiwa at mag-imbestiga, sa pamamagitan nga Independyenteng Imbestigador na inatasan ng City Manager, mga alegasyon ng hindi magandang paguugali ng mga pulis. Ang CPCC ay may awtoridad na magsagawa ng mga pagdinig, supena at itagubilin ang pagdalo ng mga testigo at ang produksyon ng mga dokumente na may kinalaman sa mga imbestigasyon: at gumawa ng kanilang mga rekomendasyon hinggil sa mga masamang asal ng pulis sa City Manager, kung saan ang City Manager ang may pinakahuling awtoridad sa pagdisiplina.

Itong measure ay mag-aamyenda at muling ipapahaag ang City Charter Article XIA para palitan ang CPCC ng Police Oversight Director ("Director") at ng isang Police Oversight Commission ("Commission").

Ang Director ay aatasan ng Konseho ng Lungsod at may awtoridad na suriin lahat ng imbestigasyon na nakompleto ng Internal Affairs (IA) ng Police Department para sa pagkakapanahon, pagkaompleto, at kalidad, pag-aaralan ang mga reklamo sa IA para matiyak ang mga tamang alegasyon na kasama sa imbestigasyon ng IA; ihahanda ang mga taunang ulat na may pokus sa mga uso ayon sa estatistiko, mga ulat na espesyal, patakaran, proseso at pagtraining at gumawa ng mga rekomendasyon sa nasabing pagsusuri sa Komisyon at Konseho ng Lungsod. Ang Director ay may awtoridad na pumunta sa eksena ng mga kritikal na insidente para obserbahan ang isinasagawang imbestigasyon ng Police Department. Ang director ay may awtoridad, kapag hiniling ng City Manager, na hiwalay na imbestigahan ang mga reklamo laban sa Hepe ng Pulis at command staff, kasama ang mga mahalagang paggamit ng pwersa kaugnay sa kamatayan, o pinsala sa katawan, barilan na may mga pulis, pagkamatay sa ilalim ng pagkakakulong at mga kritikal na insidente, at magkakaroon ng pag-access sa lahat ng mahalagang rekords mula sa Police Department at awtoridad na kwestyonin ang mga testigo, pati na rin ang mga tauhan ng Police Department.

Ang Komisyon ay mayroong pitong Commissioners, na inatasan ng Mayor at kinumpirma ng Konseho ng Lungsod. Ang Komisyon ang magbibigay sa Direktor ng mga priyoridad ng mga pagsusuri base sa feedback at pakikilahok ng komunidad; tatanggap ng mga balita sa mga pangunahing mga insidente; at pag-aaral at pagapruba ng mga rekomendasyon mula sa Director; magbigay ng mga feedback sa mga taunang ulat ng Director at mga espesyal na report.

Mayroong mga posibleng mga epekto kaugnay sa measure na ito. Ang inaasahang gastos na tataas sa Heneral na Pondo ay tinatantya sa $900,000.

Ang pagboto ng "oo" ay pabor sa pagbuo ng Police Oversight Commission at pagdagdag ng Police Oversight Director para palitan ang Citizen Police Complaint Commission.

Ang pagboto ng "hindi" ay laban sa pagbuo ng Police Oversight Commission at pagdagdag ng Police Oversight Director at pananatiliin ang Citizen Police Complaint Commission.

Ang karamihan na boto ng "oo" ang kailangan para maipasa ang measure.

Ang pahayag sa itaas ay isang imparsyal na analisis ng Measure E Kung nais mo ng kopya ng Measure, tumawag sa Elections Official's office at (562) 570-6101 at isang libreng kopya ay ipapadala sa iyo.

CHARLES PARKIN
City Attorney